Lahat ng mga dapat mong malaman tungkol sa Kidsfirst Kindergartens

Maaari bang magsimula sa inyo ang mga batang dalawang taong gulang?

Oo, tinatanggap sa aming kindergartens ang mga batang mula dalawang taong gulang – kung may lugar pa. Kumpleto kami ng mga kagamitan at maaaring magpalit ng nappies, tumulong sa potty training, at may tahimik na lugar kung saan pwedengng matulog ang anak ninyo kung sa tingin ninyo ay kailangan nya.

Tumatanggap ba kayo ng mga batang wala pang dalawang taong gulang?

Ang mga kindergarten namin ay may lisensya para sa mga batang 2-5 taong gulang. Pero mayroon kaming dalawang learning centres (Kidsfest Niu sa Woodham Rd at Kidsfirst Diamaond Harbour) na may lisensya para sa mga batang 0 - 5 limang taong gulang

Maaari bang pumasok ang anak ko kahit hindi pa sya toilet trained?

Pwedeng-pwede! Kumpleto kami ng mga kagamitan at maaari kaming magpalit ng mga nappies, basta kayo ang magbibigay nito. Karagdagan sa pagpapalit ng mga nappies, ang mga guro ay makikipagtulungan sa inyo upang suportahan ang anak ninyo habang sila ay nag-aaral pa kung paano gumamit ng toilet..

Maaari bang manatili ang bata sa kindergarten pagkatapos nilang tumuntong sa limang taong gulang?

Ang mga bata ay maaaring manatili sa kindergarten hanggang sa kanilang 6th birthday. Maraming mga bata ang lumilipat na sa paaralan pagtuntong nila ng 5 taong gulang ngunit mayroon din namang pinili ang manatili sa kindergarten. Makipag-ugnayan sa punong-guro upang malaman kung ano ang nararapat para sa inyo at sa inyong anak.

May bakante ba ngayon?

Karamihan sa aming mga kindergartens ay maaaring tumanggap na kaagad ng mga bata. Ang iba naman ay kailangan mo pang maghintay, ngunit malimit na may mga umaalis na na mga bata para pumasok na sa paaralan. Maaari ninyo kaming kontakin sa 0800 454 373 or mag-email sa betterbecause@kidsfirst.org.nz para sa karagdagang impormasyon o i-click ito para sagutin ang pre-enrolment form at para maisama sa waiting list – o magtanong sa punong guro ngayon!

Gaano katagal ako maghihintay hanggang magkaroon ng bakante?

Ang aming punong-guro ay makikipag-ugnayan sa inyo habang kayo ay nasa waiting list – at welcome kayong tumawag anumang oras. Kung magkaroon ng bakante, agad namin itong ipapaalam sa inyo. Makakatulong din kung flexible kayo sa iyong oras/araw – nang sa ganoon ay makakapagsimula kaagad ang inyong anak, ayon sa gusto ninyong oras at araw.

Magkano ang bayad para makapasok sa kindergarten?

Ang mga batang 3 - 5 taong gulang ay mayroong *20 ECE hours* (mga oras na may government-funded). Kinakailangan ninyong sabihin kung ang mga oras na ito ay hahatiin sa iba pang ECE service.

Ang mga batang 2 - 3 taong gulang ay aalukin ng 20 libreng oras, na subsidised ng Kidsfirst. Ang mga magulang ng mga 2 taong gulang ay kinakailangang mangako – na sa pagtuntong ng bata ng 3 taong gulang, ang government-funded 20 ECE oras ay maaari lamang gamitin sa Kidsfirst service.

Ang mga batang 2 - 5 taong gulang na pumapasok ng higit pa sa 20 oras bawat linggo ay sisingilin ng karagdagang $6.00 kada isang oras kapag lumagpas ng 20 oras.

Ang mga batang wala pang dalawang taong gulang ang singil ay $6 kada isang oras sa lahat ng oras na naka-enrol sila.

Ikaw ay maaaring makakuha ng subsidy ng WINZ childcare. Alamin kung eligible ka sa: https://www.workandincome.govt.nz/products/a-z-benefits/childcare-subsidy.html

Magtanong sa punong-guro para sa kopya ng listahan ng mga bayarin

May mga panahon na ang ibang kindergartens ay nagbibigay ng mga special deals. Magtanong lamang sa amin tungkol sa inyong kindergarten sa 0800 454 373 or mag-email sa betterbecause@kidsfirst.org.nz

Paano kung ang anak ko ay hindi citizen ng New Zealand?

Maaari mo i-enrol ang iyong anak kahit na ano pa man ang kanyang immigration status, at ang 20 oras ay libre para sa lahat ng bata. May mga ibang kondisyon na maaring i-aplay.

May mga diskwento ba ang mga pamilya?

Oo. Kapag ang mga pamilya ay mayroong higit sa isang anak na pumapasok, sila ay makakakuha ng 10% diskwento para sa ikalawang anak

Gaano kadalas ako maaaring makakuha ng account?

Kung ang iyong anak ay may edad na 2-5 taong gulang at pumapasok ng 20 oras o mas mababa pa, hindi ka maaring bigyan ng account.

Kung ang iyong anak ay wala pang 2 taong gulang at pumapasok ng higit pa sa 20 oras kada linggo, makakatanggap ka ng account tuwing ikalawang linggo sa pamamagitan ng email or post depende kung ano ang mas pipiliin mo. Kung may katanungan ka tungkol sa iyong account, mag-email sa infocare@kidsfirst.org.nz o tumawag sa 0800 454 373 para makausap ang aming admin crew.

Maaari ba akong maglagi sa Kindy?

Ikaw ay laging welcome dito! Narito kami upang tulungan ang bawat pamilya na mahanap ang tamang balanse para sa kanila at sa kanilang anak at lahat ng mga bisita ay aming minumungkahing dumalaw para madagdagan ang interes at kaalaman ng mga bata. Ang mga pamilya ay madalas tumutulong sa mga excursions, manatili para magkape, magbasa ng mga kwento, ibahagi ang kanilang mga skills at mga hilig at kung naroon sila naipapakita kung paano nila pinapahalagahan ang edukasyon ng kanilang anak. Naiintindihan din namin ang presyur nito sa mga magulang at sa pamilya- kaya nasa sa inyo yun kung gaano kayo ka-involved.

Anong oras kayo bukas?

Ang mga kindergarten namin ay bukas ng 6 na oras araw-araw, pero ang bawa't kindy ay may kanya-kanyang oras ng pagbukas, depende kung ano ang makababuti para sa karamihan ng kanilang lugar. Ang iba ay nagsisimula ng 8.30 ng umaga at matatapos ng 2.30 ng hapon, at ang iba naman ay magsisimula ng 8.45 o 9 ng umaga, at matatapos ng 2.45 or 3 ng hapon. Ang early learning centre sa Diamond Harbour ay bukas ng mas mahabang oras.

Maaari nyong i-click ito upang makita kung saan ang kindy na malapit sa inyo at tingnan kung anong oras sila bukas – o pumunta sa aming website www.kidsfirst.co.nz .

Maaari bang akong mamili ng oras?

Ang mga kindergarten namin ay nag-aalok ng buong araw na binubuo ng anim na oras, o kadalasan ay pang-umagang session- na mga apat na oras.

Sa kasamaang palad, hindi kami nag-aalok ng iba't-ibang oras ng pagsimula at pagtatapos – mangyaring pumili kung pang-umagang session o buong araw.

Kinakailangan din na ang inyong paghatid at pagsundo ay nasa tamang oras.

Maaari ba akong mamili ng araw?

Oo! Minumungkahi naming magsimula muna ng dalawang araw (kung pwede) at unti-untiin hanggang limang araw hanggang handa na ng inyong anak.

Magbibigay ito ng sapat na panahon upang magkakilalanan kayo ng mga guro, magkaroon ng mga bagong kaibigan ang iyong anak at maayos na suporta sa pagkatuto ng iyong anak

Maaari ba kaming magkaroon ng day off? Sisingilin ba kami sa mga araw na di kami dumating?

Hindi kami maniningil kung ang kindergarten ay sarado dahil sa term breaks. Maniningil kami kung ang inyong anak ay lumiban dahil may sakit o kung holiday.

Mangyari lamang na tanungin ang punong-guro para sa kopya na listahan ng mga bayarin

Maaari ko bang sunduin nang mas maaga ang anak ko?

May mga panahon na kinakailangan mong gawin ito – naiintindihan namin!. Ang Kindergarten ay bukas buong araw o pag may session. Matutukoy ang oras ng pasukan at uwian ayon sa operasyon ng kindergarten

Bukas ba kayo sa school holidays?

Ang iba naming kindergartens at early learning centres ay bukas sa tatlong mid-year term breaks. Kung ang iyong kindy ay sarado, maaari naming ialok ang ibang lokal na kindy kapag term break. Magtanong sa betterbecause@kidsfirst.org.nz, o tumawag sa 0800 454 373.

Karamihan ba sa mga bata ay nagpapatuloy sa kanilang lokal na Primary School?

Kami ay may magandang relasyon sa aming mga lokal na paaralan upang masuportahan ang matagumpay at maayos na transition para sa buong pamilya kapag dumating na ang panahon na ang bata ay lilipat na sa mga paaralan. Karamihan sa mga aming mga bata ay pinapapatuloy lokally ang kanilang edukasyon.

Ilan ang mga guro sa inyong kindergarten?

Para sa mga batang lagpas ng 2 taong gulang, ang ratio namin ay isang qualified teacher sa bawat 10 na bata ayon sa utos ng Ministry of Education

Para sa mga batang wala pang 2 taong gulang, ang ratio namin ay isang qualified teacher sa bawat 4 na bata, mas mababa pa ayon sa itinalaga ng Ministry of Education

Mayroon ba kayong mat time?

Kami ay naniniwala sa kahalagahan ng walang patid at tuloy tuloy na paglalaro. Makikita sa buong kapaligiran ang mga batang abala sa paglalaro sa isa't isa, mga larong kung saan sila nakikipagsalimuha sila sa ibang mga tao, lugar at mga bagay bagay sa ating kapaligan at komunidad – at ang aming magagaling na teaching teams ay handang sumuporta sa kanilang karununga. Ngunit madalas din kaming nagsasama-sama para sa group sessions, kwentuhan, musika at mga espesyal na okasyon kasama ng aming whanau.

Ano ang mga matutunan ng aking anak?

Ang aming kindergartens at early learning centres ay sinusunod ang New Zealand early childhood kurikulum “Te Whāriki”, kung saan pinapatatag ang early learning at magbibigay ng matibay na pundasyon para sa matagumpay na kinabukasan. Ang aming mga guro ay nagpaplano ng mga programa at ang pokus ay ang mga bata at ang pangarap ng kanilang pamilya para sa kanila. Ang mga bata ay hinihikayat na tumulong sa pagpaplano, upang bigyan sila boses at sense of ownership.

Sa Kidsfirst, ang inyong anak ay matututong:

- Maging responsable at gumawa ng desisyon
- Maging mapagbigay at makipagtulungan sa iba
- Maging matyaga at hindi basta susuko
- Makipag usap at bumuo ng relasyon sa mga matatanda at sa iba pang mga bata
- Maging matatag
- Tumayong mag-isa ngunit di mag-aatubiling humingi ng tulong
- I-debelop ang kakayahang kayang i-manage ang sarili
- Magsulat sa pamamagitan ng pag-drawing at pagpinta
- Maging mausisa at dahil dito ay matututong manaliksik
- Maging maka-kalikasan
- I-debelop ang pakikipagkapwa-tao sa pamamagitan ng pag-unawa at komunikasyon
- Maging malikhain
- Galugarin – ang kindergarten at ang komunidad
- Lumutas ng mga problema
- Kumilala ng ibat ibang kultura at may tiwala sa sarili
- Magtanong ukol sa kanilang kapaligiran na makakatulong upang maunawaan nya ang lahat

Ang inyong anak ay masisiyahang matututunan ang aming malawak na saklaw na edukasyunal at kaaya-ayang karanasan, kasama ang:

- Mga dula o dramatic plays
- Paglalaro ng mga puzzles,blocks, konstruksyon at karpinterya
- Kalikasan, mga eksperimento sa siyensiya at paggalugad ng kapaligiran
- Paglalaro ng mga buhangin at tubig
- Mga larong may adventure
- Paglalaro sa labas
- Mga libro, kwento at puppetry
- Paggawa ng mga musika,sayaw at kanta
- Wika at matutong makipagsalimuho sa pamamagitan ng pakikipag-usap
- Ibat-ibang klase ng sining– collage, pagpinta, art, dough at baking

Para sa karagdagang kaalaman ukol sa inyong kakaibang lokal na kindergarten, mangyari lang na i-click ito o bumisita sa aming website www.kidsfirst.co.nz

Paano ko makikita ang natutunan ng aking anak?

Ang inyong anak ay mayroong profile book mula sa unang araw. Isusulat lagi dito ang mga kwento tungkol sa anak ninyo at sa mga natutunan nya habang sya ay nasa kindy at maaari mo itong makita o mabasa kahit kailan. Maaari mo rin itong iuwi paminsan-minsan upang ipakita sa inyong pamilya.

Bukod sa hard copy, lahat ng aming kindergartens at early learning centres ay gumagamit ng EDUCA – isang ligtas na online portal na mag-uugnay sa inyo at sa pagkatuto ng inyong anak. Ang aming mga guro ay i-u-upload ang mga kwento ng mga natutunan ng inyong anak – na maaari ninyong makita o mabasa sa inyong telepono o tablets. Ikaw at ang iyong pamilya ay maaaring magbigay ng mga komento at inspirasyon namagtataguyod para sa patuloy na pagkatuto inyong anak. Ang lahat nang ito ay ipapaliwanag sa inyo ng punong-guro sa inyong pag-enrol.

Paghahanda sa simula sa inyong kindergarten

Natapos mo na ang proseso ng enrolment at mayroon ka nang araw kung kailan magsisimula ang inyong anak sa adventure nya sa kindergarten. Narito ang mga ibang impormasyon para sa paghanda sa unang araw.

Maaari ba akong bumisita bago magsimula ang anak ko sa kindergarten?

Oo! Lagi kang welcome dito! Minumungkahi naming bumisita kayo at nang inyong anak kahit na dalawang beses upang masuportahan sila sa pagpasok nila sa kindergarten. Makipag-ugnayan lamang sa punong guro upang malaman kung kailan ang pinakamainam na oras para bumisita, at maglaan ng oras upang makipanayam sa teaching team upang makilala ang inyong anak.

Ano ang mga bagay bagay na kinakailangan malaman ng mga gurong ukol sa aking anak?

Mga bagay na tulad ng:

- mga ispesyal na salita o paraan ng makikipag-usap
- mga paboritong paraan para patahanin o aliwin
- routine sa pagtulog – kailan at paano nila gustong matulog (kung kinakailangan)
- mga routine sa pagkubeta
- mga paboritong pagkain at mga ispesyal na food needs
- buhay at pamilya – mga importanteng bagay na nangyayari o kung ano mang bagay na maaaring magpapasama ng kalooban nya
- mga ispesyal na educational needs or mga early intervention services na tinatanggap nya

Maaari ba akong manatili sa unang araw?

Oo! Ikaw ay palaging welcome dito. Sa iyong pagdating, magtanong sa punong guro tungkol sa paglagda, tulungan ang iyong anak sa pagsabit ng bag at pagtabi ng baon na lunch.

- Hikayatin ang iyong anak na sumali sa aktibidad
- Maging positibo ang pananaw sa buong araw
- Bigyan mo ang sarili ng sapat na panahon upang masanay ang iyong anak
- Gumamit ng mga maikli na routine kapag paalis, kagaya ng magkasama kayong magbabasa ng aklat o pag-kaway sa isa't isa sa bintana
- Importante na ipaalam mo sa iyong anak kung ikaw ay aalis na, magpaalam at umalis kaagad. Kung ikaw ay nangangamba, maaari kang tumawag o ang teaching team ay tatawagan ka kung kinakailangan. Normal lang na mangamba sa simula.

Tatawagan ba ako ng mga guro kung nagkasakit o nasaktan ang anak ko?

Kung magkasakit ang iyong anak, ang teaching team ay tatawagan ka upang pumunta at sunduin ang iyong anak. Maganda ding ideya kung mayroon kang back-up plan kung hindi ka kaagad makakarating. Siguraduhing ang iyong emergency contact person ay makakatulong kung kinakailangan. Panatilihing nasa bahay ang iyong anak hanggat tuluyang gumaling upang mabawasan ang pagkalat ng sakit

Kung ang iyong anak ay nasaktan habang nasa kindergarten, ang teaching team ay aagapan ito sa pamamagitan ng pag-aplay ng first aid kung kinakailangan. Kung ang pinsala ay kailangang bigyan ng pansin, kaaagad namin kayong tatawagan at kukuha ng tulong. Anumang pinsala, sugat o gasgas ay aming sasabihin sa inyo pagkatapos ng session. Ang teaching teams namin ay magagaling yumakap, at sa kadalasan ang inyong anak ay makakabalik kaagad sa paglalaro!

Ano ang mga dapat kong dalhin?

- Botelyang pang-inom – lagyan ng pangalan
- Sombrero para sa araw – o mainit na sombrero para sa winter – Mangyari lamang na lagyan ng pangalan ang lahat na pansuot ng inyong anak
- Damit na pamalit at bag para sa mga madudumi damit na iuuwi
- Mainit na jacket at gumboots para sa winter – tayo ay naglalaro sa labas ng buong taon
- Pagkain – makipag-usap sa mga guro upang malaman ang tipo ng pagkain na minumungkahi naming kainin ng mga bata sa kindergarten
- Karagdagang nappies at wipes
- Bag na nilalaman ang lahat ng ito – lagyan ng pangalan

Kailan pwedeng kumain ang aking anak?

Karamihan sa aming kindergartens ay may "rolling kai"- ibig sabihin ay binabantayan namin ang iyong anak kung kailan sya gutom at gusto nang kumain, at hindi kami nagbibigay ng oras para kumain – sinusuporthan silang matuto kung kailan nila kinakailangang kumain ng snacks/tanghalian. Kung ang anak nyo ay abala at hindi naiisip ang kumain, hinihikayat namin syang kumain ng regular.

May mga panahon na mayroon kaming group kai – kung saan kaming lahat ay nakaupo at sama-sama kaming kakain. Madalas ay nagbabahagi kami ng prutas sa tea time ng umaga at hapon.

Anong mga pagkain ang pwedeng dalhin ng mga bata?

Hinihikayat naming ang mga pamilya ay maghanda ng mga masusustansyang mga pagkain para sa kanilang mga anak – natural na pagkain, prutas at gulay na na makakatulong sa kalusugan at magbibigay ng lakas na kailangan para sa kanyan paglalaro ng buong araw. Mangyaring makipag usap sa amin para sa mga ideya sa tanghalian- at sa susunod na pagbisita, alamin kung ano ang mga binabaon ng iba.

Mangyaring kausapin ang punong guro ukol sa mga bawal na pagkain sa inyong anak o mga pagkaining delikado sa inyong anak

Susuportahan ninyo ba ang aking anak sa toileting?

Mangyaring makipag ugnayan sa amin ukol sa paggamit ng anak ninyo ng kubeta. Handa kaming tumulong at planuhin kung paano masusuportahan ang inyong anak habang sya ay nasa kindy.

Magiging ligtas, maligaya, maaaliw at makakatagpo ba ng mga kaibigan ang anak ko?

Ang makipaglaro, makipagsapalaran, maging malikhain at magsaliksik ay mahalaga sa Kidsfirst- ang matuto ay masaya! Maipagmamalaki ng aming mga bihasa at puno ng karanasan na teaching team ang mga programang ibinibigay nila nang sa ganoon ang mga bata ay makakaramdan ng sila ay kabilang sa grupo. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pagpapakita ng Manaakitanga – ang pag-aalaga sa isat isa at sa pagsuporta na matutong makisama sa ibang mga bata, at bumuo at makapanatili ng relasyon. Ang mga bata sa kindy at madalas na matagal na nagiging magkaibigan

Ano ang kakaiba sa Kindergarten?

- **Ang inyong anak ang aming number 1 priority**. Sinasadya naming maliit lamang ang bilang ng mga estudyante sa aming mga Kindergarten at Early Learning Centres upang makilala naming nang lubos ang bawat isang bata. Ang mga sessions namin ay mahinahon at ang mga bata ay panatag dahil ang tulin ng araw ay umiikot sa kakayahan ng mga bata at hindi nakasalalay sa mga guro

- **Ikaw ay laging welcome pumunta dito**. Mahalaga sa amin ang mga relasyon. Kilala ng mga guro ang bawat bata at ang kanilang pamilya at gagawa ng learning program na base sa hangarin ng bata at ng kanyang pamilya kaya naman kami ay handang sumuporta upang maabot ng bawat bata ang kanyang potensyal

- **Ang aming mga guro ay natatangi**! Ang mga early childhood education programmes na inaalok namin ay gawa ng 100% na kwalipikado at registered na mga guro - sila ay may access sa mga resources mula sa mga pinakamalaki at dalubhasang organisasyon ng mga early learning sa New Zealand. – Kidsfirst! Ang aming mga guro ay suportado ng world class na programang pang-edukasyon upang makasiguro na ang pinakamahusay at pinakamagaling na programa ang maibabahagi sa inyong mga anak.

- **Naniniwala kami sa kahalagahan ng pamilya (whānau)**. Kung ang mga pamilya ay hindi binubukod ang mga anak base sa kanilang edad, ganoon din kami. Naniniwala kaming ang mga bata na may ibat ibang gulang ay may matututunan sa isat isa (Ako), na magbibigay ng mga oportunidad para sa role-modelling at matututong makiramay at makipag-usap. Ang matagalang relasyon ay nagsisimula sa Kindergarten – ang kanilang kindergarten whānau

- **Malawak at likas ang aming bakuran** – ang magandang bakuran ng kiwi kung saan ang mga bata ay nakikipag-konek at nakikipag ugnayan sa kalikasan. Ang aming palaruan ay nagbibigay ng mga pagsubok at oportunidad upang makipagsapalaran, may tahimik na lugar kung saan maaring magmuni-muni, at magbigay ng ibat ibang klase ng karanasan. Ang palaruan dito ay likas at natural, inilalarawan nito ang pangako natin sa bicultural, at marami ditong tanim na likas sa bansa at punong kahoy at mga gulay.

- **Kidsfirst ay New Zealand-owned at hindi ito pang-profit**, ang funding ay bumabalik sa ating mga kindergartens- na syang bumabalik sa ating kapitbahayan. Ipinagmamalaki namin na ang kindergarten ay may history na kung saan ito ay sumusuporta sa ating lokal na pamayanan ng mahigit pa sa 100 taon!